PULSUHÁN

ISSN No. 1655-8383
Tomo 5- Bilang 1 **Policy Updates on Agrarian Reform and Rural Development** Marso 2004

Tagumpay para sa mga magsasaka, PATAY NA ANG FARMLAND AS COLLATERAL

Naging matagumpay ang mahigit isang taong pagsasama-sama ng mga organisasyon ng mga magsasaka upang tutulan ang Farmland as Collateral (FAC) nang tuluyang mamatay ang kampanya ng gobyerno na itulak ang nasabing panukala. Nagsarado na ang Kongreso noong ika-6 ng Pebrero 2004, at hindi na nagkaroon ng Bicameral Conference na syang magtatakda ng pinal na bersyon ng FAC base sa dalawang panukalang batas ang HB 5511 ng Kamara de Representante at ang panukala ng Senado na S.B. 2553.

Bago ang pagsasara ng Kongreso, umugong ang balitang malabong maisabatas ang FAC dahil sa malaking pagkakaiba ng dalawang bersyon ayon mismo sa Committee Chairperson ng Committee on Agrarian Reform sa Mababang Kapulungan ng Kongreso na si Rep. Gregorio Ipong.

Malinaw para sa mga People's Organizations (POs) at sa mga Non-Government Organization (NGOs) na tumututok at nagtutulak ng repormang agrayo na delikado talaga itong 'farmland as collateral' para sa mga magsasaka. Magkaibang- magkaiba ang S.B. 2553 at H.B. 5511. Mas malaking banta sa repormang agraryo ang S.B.2553, kaya nakipag-usap ang Kilos-AR sa mga Representante na sakaling matuloy ang bicameral conference ay huwag silang pumayag na lumusot ang S.B.2553.

Ngunit para kay Presidente Arroyo at kay Senador Sergio Osmeña, kapag naisabatas ang panukalang ito, malaki ang maitutulong sa mga benipisyaryo ng repormang agraryo. Pero para sa mga magsasaka, ito ay papatay lamang sa repormang agraryo. Gusto lamang ikubli ang totoong intensyon ng panukalang batas na muling mabawi ng mga panginoong maylupa katulad nila Sen. Osmeña at Pangulong Arroyo ang kanilang mga lupain sa pamamagitan ng pagsasabi na lalawak ang "daan sa rural credit at kapital".

Ayon sa mga kakampi ng mga magsasaka sa Kamara de Representante, kahit may isa pang buwan ang Kongreso

pagkatapos ng halalan, wala nang pag-asa ang panukalang farmland as collateral. Nagpasalamat ang mga magsasaka at mga NGO sa mga naging kakampi para sa pagsama nila sa laban. Kahit mahirap at magastos sa panahon, maganda ang ipinakitang aral sa lahat na sa sama-samang pagkilos, magtatagumpay ang repormang agraryo!

Ilang grupo na nakasama sa pagkilos laban sa farmland as collateral:

POs: AMKB • AMA • BAROG • DKMP • KAMMPIL • KASAMA-KA • KAMMPE • KM • MAKABAYAN • NMGL • PAKISAMA • PALAMBU • PKMM • PKMP • PKSK • TFM • UNORKA
NGOs: AsiaDHRRA • AR Now! • AFRIM • BALAOD • CARET • FDC • FIAN • HEED Foundation • KAISAHAN • MFDC • MODE • PEACE • PhilDHRRA • PhilNET • PADC • PARFUND • PARRDS • PDI • PPI • SEARICE • SALIGAN
Party-List: Akbayan • Sanlakas • PM **Solidarity**: APL • BISIG

Secretary Obet Pagdanganan pinatalsik sa DAR

Isang maituturing na panalo ng mga magsasaka ang pagkaka-alis kay Obet bilang Kalihim ng Department of Agrarian Reform (DAR). Resulta ito ng sama-samang pagkilos ng mga magsasaka upang matigil ang lumalalang bentahan ng kaso at walang tigil na *land conversion* sa ilalim ng kanyang pamumuno.

Bagama't, naalis na sa DAR, malaki ang pagkadismaya ng mga magsasaka sa pagkakahirang kay Obet bilang bagong Kalihim ng Department of Tourism (DOT) dahil maaaring doon naman siya maghasik ng lagim at subukang mag-*convert* ng mga lupang sakahan upang maging *tourist destination* ng Pilipinas. Dagdag pa diyan, nasa DAR pa rin ang iba pang Undersecretaries katulad ni Usec. Ricardo Arlanza na nagbibingi-bingihan sa panawagan ng mga magsasaka na magbitiw sa pwesto. Patuloy silang hindi matinag. Walang paraan para singilin sila sa mga kasong dinisisyunan nila at sa iba pang katiwalian sa DAR.

Nais sana ng mga magsasaka na isang matino't makamagsasaka ang ipalit kay Obet katulad ni Kong. Florencio 'Butch' Abad. Kasalukuyang nagla-*lobby* ang Kilos-AR para rito. Ngunit mas gusto ni Presidente Gloria Macapagal-Arroyo ang isang taga-DAR dahil apat na buwan na lamang ang ilalagi nito sa pwesto at mahirap kung manggagaling pa sa labas ng DAR ang ipapalit na Secretary. Kaya ang hinirang ni PGMA ay ang dating Usec. for Support Services ng DAR na si Jose Mari Ponce bilang kapalit ni Obet. Maikling panahon na lang ang nalalabi sa bagong pamunuan ng DAR upang maisaayos ang mga gusot na ginawa ni Obet at matugunan ang mga panawagan na magkaroon ng tunay na repormang agraryo. Umaasa ang mga magsasaka sa tulong ni Sec. Ponce na may positibo pang magagawa kahit sa maikling panahon.

Patuloy naman ang gagawing pagbabantay ng mga magsasaka sa bagong pamunuan ng DAR upang matiyak na matutugunan ang mga hinaing at problemang bumabalot sa repormang agraryo at maiwasan ang muling pagtalikod ng DAR sa sektor na kanyang pinagsisilbihan, ang sektor ng pagsasaka.

Legacy ng administrasyon ni Obet

Hari ng conversion. Mahigit sa 500 ang mga kaso ng conversion at exemption sa CARP na halos katumbas ng 200, 000 hektarya, ang denisisyunan ni Obet na pabor sa mga malalaking nagmamay-ari ng lupa, tulad ng mga Floriendo sa Davao del Norte

Closed-door policy. Mahirap makakuha ng mga dokumento tungkol sa implementasyon ng CARP.

Violent dispersal. Naging 'no-permit no rally' ang polisiya ng DAR at naging bayolente ang pagtataboy sa mga nagkakampo sa labas ng DAR

Katangian ng administrasyon ni Ponce

Kaibigan ng magsasaka? Kinuha ni OIC Ponce si Atty. Kaka Bag-ao, ng BALAOD-Mindanaw bilang consultant para sa land tenure improvement. Positibo ito kung susundin niya ang advice ng consultant.

Open door policy. Nakipag-usap na si OIC Ponce sa mga PO at NGO at naglabas na ng Memorandum Circular para sa pagiging transparent ng DAR sa mga transaksyon nito sa mga magsasaka. Gayundin ang pagiging bukas ng DAR sa pagdinig ng mga hinanaing ng mga magsasaka, maski ito ay sa pamamagitan ng rally.

Tinigil ang Conversion at Exemption. Naglabas si OIC Ponce ng Memorandum Cicular ukol sa pagpapatigil muna ng pagpoproseso ng mga aplikasyon para sa conversion at exemption, habang isinasagawa ang pagrereview ng mga desisyon ni Obet at ng mga kaugnay na polisiya.

Patuloy ang CARP. Isang bara ng CARP ay ang ginawang polisiya ni Usec. Ric Arlanza, na kapag may kaso ang lupa na dapat ipagkaloob sa mga magsasaka ay hindi muna ito magagalaw. Dito nabibinbin ang pagpapatupad ng repormang agrayo. Ito rin ang naging daan sa pagsasamantala ng mga landowners upang mapigil ang pagsakop ng lupa nila sa ilalim ng CARP. Bilang sagot sa problemang ito, naglabas si OIC Ponce ng isang Memorandum Circular para pagtibayin ang Sec. 55 ng R.A. 6657, na kahit may kaso sa korte, tuloy pa rin ang pamamahagi ng lupa.

PULSUHAN

Ang Pulsuhan ay regular na lathalain ng Policy Advocacy and Campaign Center (PACC) ng **KAISAHAN** tungo sa Kaunlaran ng Kanayunan at Repormang Pansakahan.

Ang Pulsuhan ay tumatanggap ng mga artikulo o larawan. Anumang kontribusyon, komentaryo o mungkahi ay malugod na tatanggapin ng patnugutan sa:

3 Mahabagin St. Teacher's Village, Diliman, Quezon City
Tel nos: 433-0760, 925-4303
Fax no: 926-6042
Email: kaisahan@info.com.ph